

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
20

Pagkilala sa pang-uri

Panuto: Ang pang-uri (*adjective*) ay salitang naglalarawan sa isang pangngalan (*noun*) o panghalip (*pronoun*). Salungguhitan ang pang-uri sa bawat pangungusap. Gumuhit na *arrow* mula sa pang-uri hanggang sa pangngalan o panghalip na inilalarawan nito.

1. Kapansin-pansin ang kagandahan ni Angelica.
2. Ang anak ng kapitbahay natin ay tamad.
3. Ang mga damit nina Gina at Amanda ay magkasinghaba.
4. Kakaiba ang mga talento ng mga tao sa sirko.
5. Tumakbo pauwi ang asong duwag.
6. Ang opinyon ko ay salungat sa opinyon ng karamihan.
7. Dalian na natin dahil huli na tayo!
8. Tuwing tag-ulan, berde ang *Chocolate Hills*.
9. Ang mga kriminal ay may mga pekeng pasaporte.
10. Naghanda si Nanay ng espesyal na meryenda para sa atin.
11. Nakakita kami ng patay na palaka sa daan.
12. Ipasok mo sa bahay ang mga tuyong kumot.
13. Nakatikim ka na ba ng manggang hilaw?
14. Huwag kang magsuot ng damit na gusot.
15. Ang larawan na tabingi ay inayos ni Melchor.
16. Napansin mo ba na hindi patag ang sahig na ito?
17. Hindi ko gusto ang taong hambog.
18. Tama ba ang sagot ko sa tanong?
19. Inalok ko siyang kumain nguni't busog na raw siya.
20. Bagay ba ang sapastos sa damit na ito?